Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

14 Setyembre 2025 | Kapistahan ng Pagtatampok sa Krus na Banal | Taon K


PAMBANSANG BUWAN NG KATEKESIS / LINGGO NG MGA KATEKISTA

# Ang Kadakilaan ng Pag-ibig ni Kristo

*Pumapagitna ngayon ang imahen ng Krus sa ating pagdiriwang sa Simbahan. Subali't hindi ganito ang pagpapahalaga sa krus sa sinaunang panahon. Sa loob ng maraming taon sa Imperyong Romano, ang krus ay isang tanda ng kaparusahan at kahihiyan para sa mga aliping takas at mga taong nakagawa ng mga krimeng karumal-dumal.*

*Walang ano man pagkakasalang nagawa si Hesus upang patawan siya ng gayon, ngunit tinanggap niya iyon dahil sa pag-ibig niya sa makasalanang sangkatauhan. Dahil sa pag-ibig niyang ito – na tulad ng pag-ibig ng Ama para sa lahat ng tao – ang Krus ay naging kasangkapan ng pag-asa at kaligtasan para sa bawat isa.*

*Ang Krus ay naging isang banal na sagisag, isang matibay na tapagpaalala ng dakilang pag-ibig ng Diyos sa atin at ng bukal ng kaligtasan para sa lahat. Ano mang kawalan ng galang dito ay isang mabigat na paglapastangan. Karapat-dapat lamang na ang Krus ni Kristo ay pag-ukulan ng pananalig at pagmamahal yamang sa pamamagitan nito tayo makaaasa sa buhay na walang hanggan.*




## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Krus ng ating kaligtasan, dapat nating ikarangal, sagisag ng kalayaan at ng muling pagkabuhay ni Hesus na ating mahal.** ***(Gal 6:14)***

### Pagbati

***P*** –Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*** –Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik sandali.)*

***P*** –Panginoong Hesus, ikaw ay nagpakumbaba't naging masunurin hanggang sa kamatayan sa krus. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** –Panginoong Hesus, sa pamamagitan ng iyong Krus at Muling Pagkabuhay, tinubos mo ang sanlibutan. Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** **–Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** –Panginoong Hesus, ang iyong krus ay siyang kalasag at lakas ng lahat ng nabubuhay at nangamatay.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P***–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** **–Amen.**

### Papuri

***B***– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasa-

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

lanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

### Panalanging Pambungad

*P* –Ama naming makapangyarihan, niloob mong akuin ng iyong Anak ang Krus at kamatayan upang ang sangkatauha'y matubos at mabuhay. Ang pag-ako namin sa krus at kamatayan dito sa lupa ayon sa diwa ng pagsunod sa iyong loob na ginanap ng iyong Anak ay magpagindapat nawang aming kamtin ang lubos na katubusan at pagkabuhay sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* –**Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

### Unang Pagbasa *Blg 21:4-9*

*Sa kanilang paglalakbay sa disyerto, dumanas ng maraming kahirapan ang mga Israelita at malimit silang dumaing kay Moises at sa Panginoon. Bagamat karaniwang matiisin, ang Panginoon ay napilitan ding magpadala ng "kaparusahang magpapagaling," tulad ng sinasabi sa Unang Pagbasa para ngayon.*

*L* –Pagbasa mula sa Aklat ng mga Bilang

**Noong mga araw na iyon, nainip ang mga tao sa pasikut-sikot na paglalakbay. Nagreklamo sila kay Moises, "Inialis mo ba kami sa Egipto para patayin sa ilang na ito? Wala kaming makain ni mainom! Sawa na kami sa walang kuwentang pagkaing ito."**

**Dahil dito, sila'y pinadalhan ng Panginoon ng makamandag na ahas at sinumang matuka nito ay namamatay.**

**Kaya, lumapit sila kay Moises. Sinabi nila, "Nagkasala kami sa Panginoon at sa iyo. Idalangin mo sa kanyang paalisin ang mga ahas na ito." Dumalangin nga si Moises at ganito ang sagot sa kanya ng Panginoon. "Gumawa ka ng isang ahas na tanso. Ilagay mo iyon sa dulo ng isang tikin at sinumang natuklaw ng ahas na tumingin doon ay hindi mamamatay."**

**Gayon nga ang ginawa ni Moises. Mula noon, lahat ng matuklaw ng ahas ngunit tumingin sa ahas na tanso ay hindi namamatay.**

Ang Salita ng Diyos.
*B* –**Salamat sa Diyos.**

### Salmong Tugunan
*Sal 77:1-2.34-35.36.37.38*

*B* –***Hindi nila malilimot ang dakilang gawa ng D'yos.***




* **Kayo ngayon ay makinig sa turo ko, mga anak. Inyong dinggi't ulinigin, salita kong binibigkas. Itong aking sasabihin ay bagay na talinghaga. Nangyari pa noong una, kaya ito'y mahiwaga. *B.***

* **Datapwat noong sila'y lilipulin na ng Diyos, nagsisi ang karamiha't sa kanya'y nagbalik-loob. Noon nila nagunitang ang sanggalang nila'y ang Diyos. Ang Kataas-taasang Diyos ay kanilang Manunubos. *B.***

* **Kaya't siya ay pinuri, ng papuring hindi tapat, pagka't yao'y pakunwari't balatkayong matatawag. Sa kanilang mga puso, naghahari'y kataksilan. Hindi sila nagtatapat sa ginawa niyang tipan. *B.***

* **Gayon pa man, palibhasa'y Diyos siyang mahabagin, ang masamang gawa nila'y pinatawad niyang tambing. Dahilan sa pag-ibig n'ya'y hindi sila wawasakin. Kung siya ma'y nagagalit, ito'y kanyang pinipigil. *B.***

### Ikalawang Pagbasa *Fil 2:6-11*

*Dahil sa pag-aalala sa mga paghahating bunga ng pagmamataas at pagkamakasarili ng mga taga-Filipos, inilalahad sa kanila ni San Pablo ang halimbawa ng kababaang-loob ni Kristo para pagnilayan at tularan nila.*

*L* –Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

**Si Kristo Hesus, bagama't siya'y Diyos, ay hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos. Bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, siya'y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.**

**Kaya naman, siya'y itinampok ng Diyos at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupa't ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. At ipahahayag ng lahat na si Hesukristo ang Panginoon, sa ikararangal ng Diyos Ama.**

Ang Salita ng Diyos.
*B* –**Salamat sa Diyos.**

### Aleluya

*B* –**Aleluya! Aleluya!**
**Kami'y sumasamba sa'yo**
**at gumagalang sa krus mo**
**na kaligtasan ng mundo.**
**Aleluya! Aleluya!**

### Mabuting Balita *Jn 3:13-17*

*Sa pakikipag-usap niya kay Nicodemo, ipinahayag ni Hesus na ang ahas na tanso bilang sagisag ng bukal ng kaligtasan para sa mga Judio sa disyerto ay magiging ganap sa "pagtataas" kay Kristong Anak ng Tao sa kanyang sakripisyong pagkamatay.*

*P*– Sumainyo ang Panginoon.
*B* –**At sumaiyo rin.**
*P* –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
*B* –**Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus kay Nicodemo, "Walang umakyat sa langit kundi ang bumaba mula sa langit – ang Anak ng Tao.**

**At kung paanong itinaas ni Moises ang ahas doon sa ilang, gayon din naman, kailangang itaas ang Anak ng Tao, upang ang sinumang sumasampalataya sa**

**kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.**

**Sapagkat sinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulang maparusahan ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

*B* – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

### Homiliya

### Sumasampalataya

*B* – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen.

### Panalangin ng Bayan

*P* – Sa pagdiriwang natin sa Kapistahan ng Pagtatampok sa Banal na Krus ng ating Panginoon, buong pananalig nating idulog sa kanya ang ating mga kahilingan sa pag-asang ang mga ito'y kanyang ipagkakaloob. Tugon natin ay:

*B* – **Sa iyong Krus at Muling Pagkabuhay, Panginoon, dinggin mo kami.**

* Para sa Inang Simbahan: Nawa'y ipangaral niya ang kapangyarihan ng Krus at panindigan ito laban sa mga panghalinang makamundo. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa Santo Papa, mga obispo, at lahat ng ating mga pinunong espirituwal: Nawa'y manatili silang maging tapat sa mensahe ng Krus at tuwina itong ipahayag. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa mga pinuno nating sibil at lahat ng nanunungkulan: Nawa'y igalang nila ang mga pagpapahalaga ng lipunang Kristiyano na isinasagisag ng Krus, at ipagtanggol ang mga ito sa lahat ng panganib. Manalangin tayo. ***B.***

* Para sa lahat ng nagtitiis ng sakit, karukhaan, at diskriminasyon: Matagpuan nawa nila sa Krus ni Kristo ang lakas na kailangan upang ang kanilang kahirapan ay mabata nila nang may karangalan, pananalig, at pag-asa. Manalangin tayo. ***B.***

*P* – Panginoong Hesus, kami ay iyong iniligtas sa pamamagitan ng pagpapakasakit mo sa Krus. Tulutan mong kami'y maging karapat-dapat sa pangako mong buhay na walang hanggan habang patuloy naming pinapasan araw-araw ang aming mga krus nang may pananalig, pag-asa, at pag-ibig. Ikaw na nabubuhay at naghahari nang walang hanggan.

*B* – **Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

*P* – Manalangin kayo . . .

*B* – **Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

### Panalangin ukol sa mga Alay

*P* – Ama naming Lumikha, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan maganap nawa ang paghahaing ito na sa dambana ng krus ay siyang pumawi sa kasalanan ng buong mundo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

### Prepasyo

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

*B* – **Itinaas na namin sa Panginoon.**

*P* – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

*B* – **Marapat na siya ay pasalamatan.**

*P* – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Iyong ipinasyang sa kahoy na krus ang sangkatauha'y tubusin ni Hesus. Sa punong-kahoy nagkapuwang ang kamatayan. Sa kahoy na krus itinanghal ang pagkabuhay. Sa punong-kahoy nanaig ang sumuway sa iyo. Sa kahoy na krus siya'y nadaig ng masunuring Anak mo.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

*B* – **Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

### Pagbubunyi

*B* – **Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

## PAKIKINABANG

*B* – **Ama namin . . .**

*P* – Hinihiling namin . . .

*B* – **Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

*B* – **Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

*P* – Ito si Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

*B* – **Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**"Kapag ako'y naitaas, aakitin ko ang lahat nang sa aki'y makaharap upang sila ay maligtas," sabi ng Poong Mesiyas.**

***(Jn 12:32)***

### Panalangin Pagkapakinabang

*P* – Panginoong Hesukristo, kaming nagsalu-salo sa banal na pakikinabang ay nakikiusap sa iyo na ang mga nasagip ng kahoy na krus na nagbibigay-buhay ay iyong ihatid sa pagkabuhay sa kaluwalhatian sapagka't ikaw ang Panginoon magpasawalang hanggan.

*B* – **Amen.**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.

*B* – **At sumaiyo rin.**

*P* – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Tumahimik sandali.)*

– Nawa'y, pagkalooban kayo ng Diyos, na nangalaga sa mga Israelita nang sila'y maligaw ng landas, ng pagbabago ng kalooban upang lalo kayong tapat na sumunod sa kanya.

*B* – **Amen.**

*P* – Nawa'y malasap ninyo ang pag-ibig na pinatunayan ng Panginoong Hesukristo sa kanyang pagpapakasakit sa krus.

*B* – **Amen.**

*P* – Nawa'y itulot Niyang mapasan ninyo ang inyong krus nang buong pananalig, pag-asa, at pagmamahal.

*B* – **Amen.**

*P* – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

*B* – **Amen.**

*P* – Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalin at paglingkuran ang Diyos.

*B* – **Salamat sa Diyos.**

## PANALANGIN NG MGA KATEKISTA

Makapangyarihang Ama,
Kami, iyong mga katekista, ay dumudulog sa Iyo.
Sa gitna ng magulo't di mapakaling mundo
Kami ay gawin banal at pagpalain Mo.
Kami ay pinili Mo
upang maging alingawngaw
ng Iyong Salita.

Panginoong Hesus,
pag-isahin Mo kami sa Iyo
nang lubusan,
sapagkat kami ay Iyung-iyo.
Nawa'y patuloy kaming humugot
nang malalim na malasakit
mula sa Iyong kamatayan sa krus
at muling Pagkabuhay
para sa kaligtasan ng sanlibutan.

Halina, Espiritu Santo,
aming Gabay at Liwanag.
Kami ay palagi Mong samahan.
Nawa'y maipadama namin
ang pag-ibig para sa mga tao ngayon,
sa pagiging alingawngaw ng Iyong pag-ibig.

Maria, Ina at Huwaran ng mga katesista,
panatilihin Mo kaming tapat sa aming bokasyon.
Nawa'y pagnilayan namin nang tulad Mo,
ang Salita ng Diyos sa aming mga puso,
at ang aming Pananampalataya
ay maisabuhay nang gaya Mo.

San Lorenzo Ruiz, ipanalangin mo kami. Amen.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

# ANONG HUGIS BA NG IYONG PAGKATAO?

*Kalakbay at Katoto*

Malimit nating problemahin ang ating timbang, ang bilbil, at ang kakulangan ng tamang hugis ng katawan. Kung kaya't kung minsan nahihiya tayo kapag wala sa hulog at tamang hugis ang ating katawan. Ayaw natin na tayo'y ituring na "bilugan" (mataba) o "tingting" (payatot).

Wala namang masama sa ating pagkabalisa sa ating hugis o timbang.

Sa araw na ito, may isang HUGIS na dapat nating itampok sa ating isipan … ang hugis na nagdulot ng wakas sa kawalang kahulugan sa lahat ng pagdurusa, sa kamatayan, sa lahat ng pinagdadaanan nating mga tila walang kahulugan o kabuluhan.

Ito ang KRUS! Itinuring na kahiya-hiya at kasuklam-suklam na sagisag noon ng lahat ng kasamaan, at kadustaan!

ITO ANG WALANG PASUBALING AT BUONG KATATAGAN AT KATAPANGANG HINARAP NI KRISTONG ATING TAGAPAGLIGTAS!

Nang isinuong ng Panginoon ang sarili sa kamatayan sa krus, ginawa niya ito hindi sapagka't siya ay may sala, bagkus iniatang niya ang ating SALA sa kanyang sarili upang matubos tayo sa kamatayang walang hanggan.

Ito mga Kalakbay at Katoto, ang tunay na hugis ng ating pamumuhay Kristiyano. Ang KRUS ang tunay na hugis ng ating buhay Kristiyano. Ang Krus ang sentro ng ating kamalayang Kristiyano. Kung wala ang Krus, wala rin kaligtasan. Kung walang krus, wala tayong titingalain at aasahan.

Kapag may Krus, may kakayahan tayong tumingala at umasa. Kung walang krus, wala tayong magagawa kundi tumungo at mabaon sa kawalang-pag-asa.

Nasa Krus ang ating kaligtasan. Nasa Krus ang ating pag-asa. Nasa Krus ang ang ating tagumpay!

Ano ang hugis ng iyong pagkatao?

---